

ACTIVITY

- A. Decoding. Ano ang sinabi ng Diyos Ama mula sa langit matapos mabautismuhan si Jesus? Isulat ang letters sa patlang gamit ang decoder upang malaman ito.

A	B	C	D	E	F	G	H	I	J	K	L	M
1	2	3	4	5	6	7	8	9	10	11	12	13

N	O	P	Q	R	S	T	U	V	W	X	Y	Z
14	15	16	17	18	19	20	21	22	23	24	25	26

9-20-15 1-14-7 1-11-9-14-7 1-14-1-11 1-14-7 13-9-14-1-13-1-8-1-12 11-15

19-9-25-1 1-14-7 12-21-2-15-19 11-15-14-7 11-9-14-1-12-21-12-21-7-4-1-14

- B. Sagutin ang mga tanong.

1. Sino ang nagbautismo kay Jesus, at saan ito nangyari?

2. Bakit nagulat si Juan Bautista nang dumating si Jesus upang magpabautismo?

3. Ano ang sinabi ni Jesus kay Juan nang mag-atubiling itong bautismuhan Siya?

4. Bakit pinili ni Jesus na magpabautismo kahit naman Siyang kasalanang dapat pagsisihan?

5. Ano ang itinuturo sa atin ng kuwento ng pagbautismo kay Jesus tungkol sa pagsunod sa plano ng Diyos?

Sa kuwento ng pagbautismo kay Jesus, natutuhan natin na si Jesus, bagaman walang kasalanan, ay piniling magpabautismo upang maganap ang plano ng Diyos at magpakita ng halimbawa ng pagpapasakop sa kalooban ng Diyos.



C. Basahin ang kwento at sagutin ang mga tanong.

Si Emma ay isang mabait, matalino at aktibong siyam na taong gulang na mahilig gumawa ng mga proyekto sa eskuwela. Isang araw, nagbigay ang kanilang guro ng group project sa klase. Bawat grupo ay may isang linggo para gumawa ng poster tungkol sa pangangalaga sa kalikasan. Sabik si Emma dahil marami na siyang ideya at excited na ibahagi ito sa kanyang magiging grupo.

Sa pangalawang araw ng pagsasagawa ng proyekto, inanunsyo ng kanilang guro na ang isang kamag-aral nilang si Ben, na madalas absent dahil sa karamdaman, ay kailangan ng maging bahagi ng isang grupo. Walang sinumang leader ng bawat grupo ang inisip na kuhain siya, maliban kay Emma.

Napansin ni Emma na si Ben ay mahiyain at minsan ay hirap makasabay. Alam niyang kung isasama nila si Ben, kakailanganin nilang maglaan ng dagdag na oras para tulungan siyang makahabol. Hindi naman kinakailangang isama ni Emma si Ben, ngunit naisip niyang ito ang tamang gawin bilang isang mabuting kamag-aral.

Nilapitan ni Emma ang kanyang grupo at nagtanong kung pwede nilang isama si Ben. "Sa tingin ko, magiging maganda kung matutulungan natin siyang maramdaman na kasali siya," sabi niya. Matapos mag-isip ang kanyang mga kamag-aral, pumayag sila kahit alam nilang magiging mas mahirap ito.

Sa buong linggo, sinikap ni Emma na ipaliwanag kay Ben ang mga bahagi ng proyekto na hindi niya naiintindihan at siguraduhing kasali siya sa kanilang mga usapan. Binigyan pa niya si Ben ng maliliit na gawain na makakatulong sa kanya na magkaroon ng tiwala sa sarili. Nakita ng kanyang mga kamag-aral ang sipag ni Emma sa pagtulong kay Ben, kaya't sila rin ay tumulong.

Sa huling araw ng proyekto, ang kanilang grupo ay masayang ipinakita ang kanilang makulay at malikhaing poster, at si Ben ay masayang-masaya sa kanilang nagawa. Napansin ng kanilang guro ang kabaitan ni Emma at pinuri ang kanilang grupo sa kanilang pagtutulongan. Hindi kailangan ni Emma na tulungan si Ben, ngunit pinili niyang gawin ito, na nagturo sa kanyang mga kamag-aral ng kahalagahan ng pagtulong at pagsasama sa iba, kahit mahirap.

Mga tanong.

- Ano ang unang naramdaman ng mga kaklase ni Emma sa sinabi ng kanilang guro na isama si Ben?

- Ano ang ginawa ni Emma para madama ni Ben na kasama siya sa kanilang grupo?

- Bakit pinili ni Emma na isama si Ben sa kanilang grupo, kahit na hindi ito kinakailangan?

- Ano ang matutuhan mo sa kuwento ni Emma tungkol sa pagiging matiyaga at pagtulong sa iba?

Gaya ng halimbawang ipinakita ni Jesus, hindi kailangang anyayahan ni Emma si Ben na sumali sa kanyang grupo, ngunit pinili niyang gawin ito para magpakita ng kabaitan at isama siya. Tulad ni Jesus, si Emma ay nanguna sa pamamagitan ng halimbawa, na nagtuturo sa kanyang mga kaklase ng kahalagahan ng pakikiramay, pagtitiyaga, at paggawa ng higit sa inaasahan o kinakailangan upang madama ng isang tao na siya ay tinatanggap. Ipinakita sa atin ni Emma na ang tunay na kabutihan kung minsan ay nangangahulugan ng pagpili na gumawa ng karagdagang bagay para tulungan ang iba at magpakita ng pagmamahal, kahit na hindi ito inaasahan.



D. Memory Verse

At isang tinig mula sa langit ang nagsabi, "Ito ang minamahal kong Anak na lubos kong kinalulugdan!" **Mateo 3:17**